



Patakarang sa Patient Financial Assistance Program (Programang ng Tulong Pananalapi sa Pasyente, PFAP) ng HFHS

Patakarang

Ginagamot ng Henry Ford Health System (HFHS) ang bawat pasyente nang may dignidad, respeto at malasakit. Maaaring lumapit sa HFHS ang mga pasyente para sa patas na pagpepresyo ng mga serbisyong medikal na ibinigay nito at para sa tulong sa paghahanap ng mga opsyon upang matulungan ang mga pasyente na pamahalaan ang kanilang mga gastusing medikal.

May karapatan ang lahat ng pasyente na tumanggap ng emergency na pangangalagang medikal may kakayahan mang magbayad o wala ang mga pasyente o kung may natirang balanse mula sa mga naunang pagpapatingin.

Inaasahan na tatanggapin ng mga pasyente at/o guarantor ang responsibilidad para sa anumang mga obligasyon sa pananalapi sa HFHS para sa mga ibinigay na serbisyong medikal. Ipinapakita ang responsibilidad sa pamamagitan ng mga pagkilos gaya ng pagbibigay sa HFHS ng tumpak at kumpletong impormasyon, napapanahong pagbabayad, pagsunod sa mga napagkasunduang plano ng pagbabayad at pagpapatala sa medikal na saklaw, ito man ay ibinigay ng employer, mga pribadong programa o programang sinusupportahan ng pamahalaan gaya ng mga programa ng Medicare (Parts A, B at D o C) at Medicaid o anumang iba pang third party na tagabayad, kung naaangkop.

Ang mga serbisyong sinisingil ng HFHS ay kwalipikado para sa tulong pananalapi ng HFHS sa ilalim ng patakarang ito. Maaaring makuha ang listahan ng mga site at provider na kalahok sa PFAP nang libre mula sa website ng Henry Ford Health System o sa pamamagitan ng pagtawag sa mga tanggapan ng mga provider.

Dinisenyo ang Programang ng Tulong Pananalapi sa Pasyente (PFAP) ng HFHS upang matugunan ang mga sitwasyon kung saan ang isang kwalipikadong pasyente ay mayroong medikal na pangangailangan ng mga serbisyo at hindi kwalipikado para sa saklaw ng insurance sa kalusugan o napinsala ngunit may limitadong mapagkukunan ng pananalapi.

Pagiging Kwalipikado para sa PFAP:

Tutukuyin ang kwalipikasyon para sa PFAP ng HFHS batay sa bawat sitwasyon. Maaaring maging kwalipikado sa PFAP ang mga pasyente sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na paraan:

Paraan (1):

- Legal na paninirahan sa Estados Unidos
- Personal na nakatira sa loob ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng HFHS, na kinabibilangan ng mga county ng Wayne, Macomb at Oakland
- Naghahanap ng panggagamot para sa isang medikal na pangangailangan na na-diagnose ng isang service provider ng HFHS sa isang pasilidad ng HFHS
- Natukoy ng HFHS na hindi kwalipikado para sa saklaw ng insurance sa kalusugan
- Ang taunang pinagsama-samang kita ng sambahayan ay nasa o mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan

Magiging kwalipikado sa 100% diskwento sa lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo ang mga pasyenteng nakakatugon sa mga kwalipikasyon sa itaas para sa PFAP.

Paraan (2):

- Mga pasyenteng nakaipon ng malaking medikal na utang sa HFHS, sa loob ng 12 buwan, bilang resulta ng catastrophic na medikal na sitwasyon na may mga mula sa bulsang gastusin na lampas sa 30% ng kanilang gross na taunang kita ng sambahayan
- Legal na paninirahan sa Estados Unidos
- Personal na nakatira sa loob ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng HFHS, na kinabibilangan ng mga county ng Wayne, Macomb at Oakland
- Naghahanap ng panggagamot para sa isang medikal na pangangailangan na na-diagnose ng isang service provider ng HFHS sa isang pasilidad ng HFHS

Ang mga pasyenteng nakakatugon sa kwalipikasyon sa itaas para sa PFAP ay magiging kwalipikado sa isa sa mga sumusunod na diskwento:

- Magiging kwalipikado sa 100% diskwento sa lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo ang mga pasyenteng may taunang kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan.
- Isasaayos ang natitirang medikal na utang ng mga pasyenteng may taunang kita ng sambahayan na mas mataas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan sa 30% ng kita ng kanilang sambahayan.

Paraan (3):

Maaaring tukuyin ng HFHS ang kwalipikasyon para sa PFAP sa paraang retrospective batay sa mga ebidensya.

Magiging kwalipikado sa 100% diskwento sa lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo ang mga pasyenteng nakakatugon sa kwalipikasyon para sa PFAP batay sa mga ebidensya.

Pag-a-apply para sa PFAP:

Ginagawa ang pag-a-apply para sa tulong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kawani ng tagapayo sa pananalapi ng HFHS at sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang partikular na impormasyon sa pananalapi at pansuportang impormasyon. Ang mga pasyente at/o guarantor ay maaaring mag-apply para sa tulong pananalapi anumang oras hanggang 240 araw pagkatapos ibigay ng HFHS sa pasyente at/o guarantor ang unang pagsingil. Bilang tugon, ipoproseso ng HFHS ang aplikasyon at tutukuyin ang kwalipikasyon sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos na matanggap ang kumpletong aplikasyon. Aabisuhan ang indibidwal sa pamamagitan ng sulat tungkol sa pagtukoy at batayan ng pagtukoy.

Napapailalim ang kwalipikasyon sa paglahok sa Programa ng Tulong Pananalapi sa Pasyente (PFAP) sa pag-apruba ng Pamamahala sa Cycle ng Kita ng HFHS kasama ang mga team ng pangangalaga sa klinika.

Maaaring may mga pagbubukod ayon sa kinakailangan para sa mga espesyal na sitwasyon. Isasaalang-alang ang mga pagbubukod batay sa bawat kaso. Ang anumang gagawing pagbubukod ay hindi nangangahulugan ng pagbabago sa patakaran at hindi rin nito ginagarantiyahan na ilalapat sa hinaharap ang parehong pasyang ito.

Hindi Kwalipikado para sa PFAP:

Ang mga pasyenteng walang insurance na hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng PFAP ay sisingilin para sa serbisyo nang hindi hihigit sa Mga Halagang Sisingil sa Pangkalahatan (AGB) sa mga indibidwal na nagpapanatili ng saklaw ng insurance sa kalusugan. Kadalasan, ang rate na ito ay 115% ng nakasanayang rate ng pagbabayad ng Medicare para sa mga katulad na serbisyo.

Para sa mga pasyenteng hindi kwalipikado sa PFAP, ang mga pagkilos na maaaring isagawa ng HFHS para sa hindi pagbabayad ay inilalarawan sa hiwalay na patakaran sa pagsingil sa pasyente at pagkolekta na maaaring makuha nang libre mula sa kawani ng tagapayo sa pananalapi ng HFHS o sa website ng Henry Ford Health System.

(Mga) Kahulugan

- **Ang Mga Halagang Sinisingil sa Pangkalahatan (AGB)** ay nangangahulugan ng average na halaga na inaasahan ng HFHS na babayaran ng mga commercial na insurer para sa serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng parehong proseso ng pagsingil at pagko-code na naaangkop sa bayarin ng Medicare para sa mga pinagsisilbihang pasyente.
- **Ang** Guarantor ay ang taong may pananagutan para sa bill ng pasyente.
- **Ang Service Provider ng HFHS** para sa layuning ito ay kinabibilangan ng lahat ng kinuhang provider gayundin ang mga pribadong provider na binigyan ng kredensyal sa lokasyon ng HFHS kapag nagbibigay sila ng pangangalaga sa isang pasyente ng HFHS sa pasilidad ng HFHS o sa kanilang mga pribadong tanggapan
- **Kasama sa Kita ng Sambahayan ang mga kita bago ibawas ang buwis**, bayad sa walang trabaho, bayad ng mga manggagawa, Social Security, Supplemental Security Income, tulong sa publiko, mga bayad ng beterano, benepisyong nakaligtas, pensyon o kita sa pagreretiro, interes, dibidendo, renta, royalty, kita mula sa estate, trust, tulong pang-edukasyon, sustento, suporta sa anak, tulong mula sa labas ng sambahayan at iba pang mga pinagmumulan. HINDI kasama rito ang mga benepisyong hindi pera gaya ng mga food stamp at subsidy para sa pabahay o mga kita at lugi ng kapital. Kung namumuhay ang isang tao kasama ng kanyang pamilya, dapat isama ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya ng sambahayan (kasama ang mga kinakasama) maliban kung ang mga miyembro ng pamilya ay nagbabayad ng renta at/o hindi mga dependent ng may-ari ng bahay. Hindi dapat isama ang mga hindi kamag-anak gaya ng mga kasambahay. Dapat tukuyin ang katayuan ng pagiging dependent batay sa bawat kaso.
- **Ang Medikal na Pangangailangan o Medikal na Kinakailanganay nangangahulugang** mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibibigay ng isang doktor, na nagsasagawa ng maingat na klinikal na pagpapasya, sa isang pasyente para sa layunin ng pagsusuri, pagda-diagnose o paggamot sa isang sakit, pinsala, karamdaman o mga sintomas nito, at mga tinatanggap na pamantayan ng medikal na kasanayan sa pangkalahatan. Sasaklawin lang ang mga serbisyong pang-iwas sakit o serbisyo ng pag-screen kung iuutos ng isang service provider ng HFHS.